CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Abril 8, 2021
Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Lungsod ng Long Beach Magsisimulang Magbakuna ng Mga Residenteng Edad 16 Taon at Pataas Simula Ngayon

Long Beach, CA - Inanunsyo ngayon ng Lungsod ng Long Beach na, epektibo kaagad, ang Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ay magsisimulang magbakuna ng lahat ng mga residenteng edad 16 taon at pataas. Simula Abril 15, ang mga nagtatrabaho sa Long Beach na 16 taon at pataas ay magiging karapat-dapat din.

“Sa higit sa 40% ng mga karapat-dapat na may edad na nabakunahan at isang matagumpay na programa ng pagbabakuna, oras na upang mapalawak sa lahat ng mga residente na 16 pataas, "sabi ni Mayor Robert Garcia. "Ipinagmamalaki ko na maaari na nating muling itakda ang tulin para sa estado."

Dahil ang portal ng pagbabakuna ng COVID-19 ng estado ay hindi kasalukuyang pumapayag na magpa-appointment ang mga taong 49 taong gulang at pababa nang walang pinagbabatayang kondisyon sa kalusugan, ang mga residente ng Long Beach na edad 16 pataas na naghahangad na mabakunahan ay maaaring gawin ito sa pamamagitan ng pagpunta sa mga walk-in na proseso ng pagbabakuna ng Lungsod sa Long Beach Convention Center. Ang isang limitadong suplay ng bakunang Pfizer ay ibibigay sa Huwebes, Biyernes at Sabado, Abril 8 hanggang Abril 10.

Simula Abril 15, ang lahat ng mga residente, at mga nagtatrabaho sa Long Beach, edad 16 pataas ay maaaring magpa-appointment sa pagbabakuna online sa pamamagitan ng My Turn, ang sistema ng pag-aabiso at pagpapa-appointment ng bakuna sa COVID-19 ng Estado, o sa pagtawag sa 833.422.4255. Ang mga edad na 16 pataas na

may pinagbabatayan na mga kondisyon sa kalusugan ay maaari nang magpa-appointment gamit ang portal ng My Turn.

Maaaring mag-walkin appointment para sa mga karapat-dapat na residente sa Long Beach Convention Center mula 11 a.m. hanggang 2 p.m., Lunes hanggang Sabado. Base sa pagkakaroon ng supply, humigit-kumulang na 500 mga appointment ang maibibigay araw-araw; kung ang lahat ng mga walk-in appointment para sa araw na iyon ay nakuha na, ang mga tao ay bibigyan ng appointment sa hinaharap. Ang mga taong walang appointment ay dapat na sundin ang mga palatandaan para sa mga walk-in, na naa-access ng ADA. Ang impormasyon tungkol sa pagiging karapat-dapat at dokumentasyon ay matatagpuan sa longbeach.gov/VaxLB.

Tatlong naaprubahang bakuna ang napatunayan na epektibo laban sa matinding sakit na COVID-19 at pagkakamatay. Batay sa bilang ng suplay na magagmit, ang Lungsod ng Long Beach ay nagbibigay ng dalawang-dosis na bakunang Pfizer at Moderna o ang isang-dosis na bakunang Janssen. Ang bakunang Pfizer ay naaprubahan upang maibigay sa mga edad 16 pataas.

Ang Lungsod ng Long Beach ay nakatuon sa pagpapalawak ng pagbibigay ng mga pagbabakuna hangga't maaari sa loob ng kasalukuyang Utos sa Kalusugan ng Estado. Noong Enero, inilunsad ng Lungsod ang isang klinika sa pagbabakuna ng masa sa Long Beach Convention Center upang maipamahagi ang mga bakuna at noong Pebrero, nagsimulang magsagawa ang Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng maliliit na mga klinika ng pagbabakuna na nakabase sa komunidad bilang bahagi ng isang outreach na programa upang mabakunahan ang mga tao sa mga kapitbahayan na pinaka apektado ng COVID. Noong Marso, naglabas ang Lungsod ng dalawang bagong mobile na sasakyan upang ipamahagi ang mga bakuna sa mga residente at mga indibidwal na hindi makalabas ng bahay sa mga kapitbahayan na may pinakamataas na bilang ng kaso ng coronavirus upang mabawasan ang mga epekto ng COVID-19.

Dati, ang mga bakuna ay ipinamamahagi sa mga populasyon na itinukoy sa Phase 1A, Phase 1B, Tier 1, mga indibidwal na may mga kapansanan, at mga may sapat na gulang na 50 taong gulang pataas.

CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

Ang lahat ng mga residente, pati ang mga nakatanggap ng pagbabakuna sa COVID-19, ay pinapaalalahanan na ipagpatuloy ang pagsasagawa ng lahat ng mga protokol sa kalusugan at kaligtasan, kasama na ang pagsusuot ng mga panakip sa mukha, panatilihin ang wastong pisikal na pagdidistansya mula sa iba at madalas na pagdidisimpekta ng mga lugar na madalas na hawakan.

Mula noong Abril 8, mayroong 52,398 na kaso ng COVID-19 sa Long Beach at 920 katao ang namatay dahil sa virus. Mahigit 229,000 na mga bakuna ang naibigay, na kinabibilangan ng humigit-kumulang 138,700 na unang dosis at 90,300 ng pangalawang dosis. Ang lahat ng mga bakuna ay ibinibigay ng walang bayad at direktang ibinigay ng pederal na gobyerno.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang aming mga residente, bumisita sa longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###